Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-13 NG HUNYO 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edwin C. Aceron | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim John Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan **(Gumaganap na Punong Bayan)** |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAUTUSAN BILANG 22-06-317

**KAUTUSANG NAGBABAWAL SA PAGSASAGAWA NG ANUMANG MOBILE BUSINESS NA WALANG TUKOY NA PWESTO O LUGAR NG PANGANGALAKAL AT WALANG KAUKULANG BUSINESS PERMIT MULA SA TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN O BARANGAY BUSINESS CLEARANCE MULA SA TANGGAPAN NG PUNONG BARANGAY SA NASASAKUPAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

May-akda at Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**
Chairperson, Committee on Bank, Financial Institutions, and Commerce

**SAPAGKAT**, binibigyang kapangyarihan ng Local Government Code of 1991 ang bawat lokal na pamahalaan na magtakda ng mga batas at alituntunin na nagtataguyod sa kapakanan ng mga mamamayan;

KGG. KIEVEN E. CANTOS
KGG. TULAY M. CARING
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. DENNES M. FANER
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. DEXTER R. GONZALES
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. EDWIN C. ACERON

Scanned with CamScanner

**SAPAGKAT**, ang pangangalakal ay isang gawain na makatutulong sa mabilis na paglago ng ekonomiya at sa pagpapaunlad ng kalagayan ng pamumuhay ng mga Pilipino;

**SAPAGKAT**, mahalaga na mapangalagaan ang kapakanan ng mga lehitimo at lisensyadong mangangakal ganoon din ang kaligtasan, kapayapaan, at kalusugan ng bawat Bulalacaonon;

**DAHIL DITO**, pinagpasyahan gaya ng ginawang pagpapasya ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, na:

**Seksyon 1. Pagpapahayag ng Polisiya**. Ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay nagtataguyod sa karapatan, kalayaan, at kapakanan ng mga lehitimo at lisensyadong mangangakal o negosyante sa nasasakupan ng bayang ito.

**Seksyon 2. Pamagat**. Ang pamagat ng ordinansang ito ay "2022 Mobile Business Regulation Ordinance of Bulalacao".

**Seksyon 3. Kahulugan ng mga Termino**. Ang sumusunod na mga salita ayon sa gamit sa kautusang ito ay nangangahulugan ng sumusunod:

**Lehitimong mangangalakal o negosyante** – sinumang indibidwal o anumang organisasyon na nagsasagawa ng negosyo, pangangalakal, o entreprenursyip sa tukoy na pwesto o lugar ng pangangalakal at mayroong kaukulang permiso mula sa Tanggapan ng Punong Bayan ng Bulalacao o Tanggapan ng Punong Barangay.

**Mobile business** – pagsasagawa ng pangangalakal gamit ang anumang uri ng sasakyan sa loob ng nasasakupan ng bayang ito.

**Negosyo/pangangalakal/entreprenursyip** – anumang gawain na kinapapalooban ng palitan ng produkto sa salapi at salapi sa salapi.

**Seksyon 4. Regulasyon.** Ang sumusunod na regulasyon o kautusan ay dapat na talimahin:

a. Ipinagbabawal ang pagsasagawa ng anumang mobile business na walang tukoy na pwesto o lugar ng pangangalakal at walang kaukulang business permit mula sa Tanggapan ng Punong Bayan sa nasasakupan ng Bulalacao, Oriental Mindoro o barangay business clearance mula sa nakasasakop na Tanggapan ng Punong Barangay;

b. Ipinagbabawal ang pagbili, pagtangkilik, o pakikipagpalitan ng produkto sa hindi lehitimo at lisensyadong mangangalakal sa nasasakupan ng bayang ito;

PERLITA V. PAZ
KGG. KIEVEN E. CANTOS
KGG. TULAY M. CARING
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. DENNIS M. FANER
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. DEXTER R. GONZALES
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. EDWIN C. ACERON
KGG. ERNILO VILLAS

Scanned with CamScanner

c. Ang mga Sangguniang Barangay, ang Business Permit and Licensing Section at Market Development and Administration Section ng Tanggapan ng Punong Bayan, ang Pambayang Pulisya, at ang iba pang tutukuyin na tanggapan, ahensya, o organisasyon ng Punong Bayan katuwang ang Bulalacao Chamber of Commerce, Market Vendors Association, at iba pang kaugnay na mga samahan, ang mangunguna sa pagpapatupad ng ordinansang ito; at

d. Sa pangunguna ng Business Permit and Licensing Section, Market Development and Administration Section, at Public Information Section ay magsasagawa ang Tanggapan ng Punong Bayan ng malawakan at tuloy-tuloy na information and education activities tungkol sa Kautusang ito;

**Seksyon 5. Eksemsyon.** Hindi sakop ng ordinansang ito ang mga sumusunod:

a. Anumang negosyo o pangangalakal o entreprenursyip na tukoy ng umiiral na batas at polisiya na ang pagkukunan ng business permit o parehong kapahintulutan ay hindi mula sa Tanggapan ng Punong Bayan o Tanggapan ng Punong Barangay; at

b. Anumang negosyo o pangangalakal o entreprenursyip na pinahihintulutan sa pamamagitan ng pagtubos ng cash ticket.

**Seksyon 6. Pondo**. Ang salaping gugugulin sa maayos, tuloy-tuloy, at makatarungang pagpapatupad ng kautusang ito ay dapat na mapaglaanan ng sapat sa taunan o ayudang badyet ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao. Ang Municipal Budget Office ay inaatasan na magtalima at magtaguyod sa seksyon na ito.

**Seksyon 7. Kaparusahan**. Ang anumang paglabag sa Seksyon 4.a at 4.b ay magkakaroon ng penalidad na:

| | | |
|---|---|---|
| Unang paglabag | - | isanlibong piso (PhP 1,000.00) |
| Ikalawang paglabag | - | isanlibo pitong daan at limampung piso (PhP 1,750.) |
| Ikatlong paglabag | - | dalawang libo at limandaang piso (PhP 2,500.00) |

Ang makokolektang halaga mula sa penalidad ay hahatiin ayon sa sumusunod:

50% ay mapupunta sa mga nanghuli
50% ay mapupunta sa Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao

Ang lisensya sa pagmamaneho ng nahuling drayber ng sasakyan ay kukumpiskahin muna hanggang sa siya ay makapagbayad na ng kaukulang penalidad. Ang Business Permit and Licensing Section ang magtatala ng mga paglabag.

**Seksyon 8. Administratibong Gabay**. Ang sinumang opisyal, kawani, o manggagawa ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao o ng anumang ahensya ng pamahalaan na hindi gaganap sa mga tungkuling nasasaad dito o kaya ay hahadlang sa o magiging dahilan sa pagkabalam ng implementasyon ng kautusang ito ay dapat na maparusahan ayon sa isinasaad ng mga kaugnay na polisiya at batas.

KGG. PERLITA L. PAZ
KGG. KIEVEN E. CANTOS
KGG. TULAY M. CARING
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. KIM JOHN ELCID E. CANTOS
KGG. EDEZER D. ACERON
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. DENNISM FANER
KGG. ELPIDIO M. CONTRERAS, JR.
KGG. DEXTER C. GONZALES
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. EDWIN C. ACERON
KGG. ERNIE VILLAS

2021.05.25 15:
Scanned with CamScanner

**Seksyon 9. Sugnay sa Pagpapawalang Bisa**. Ang anumang pambayang kautusan o ordinansa na hindi umaayon sa alinman sa mga probisyon ng kautusang ito ay pinawawalang bisa o binabago.

**Seksyon 10. Sugnay sa Paghihiwalay.** Kung may bahagi man ng kautusang ito na madideklarang walang bisa, ang nalalabi o iba pang bahagi ay mananatiling may bisa. Mananaig ang mas mataas na batas o polisiya.

**Seksyon 11. Bisa**. Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad pagkatapos ng labinlimang (15) araw na pagpaskil sa bulletin board sa pasukan ng pambayang gusali at sa dalawa (2) o higit pang hayag na lugar sa Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao.

Sa mungkahi ni SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan ni SB Member Dennes M. Faner, ang Kautusang ito ay ...

**ISINABATAS** ngayong ika-13 ng Hunyo 2022 sa Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
Sangguniang Kabataan Fed. Pres.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: July 7, 2022

22/06//13/DRG/jpc

Scanned with CamScanner